

Nebraska DHHS

Programa ni Katie Beckett

ANO ANG PROGRAMA NI KATIE BECKETT?

Ang programang ito ay para sa mga bata na naninirahan sa bahay ng kanilang magulang. Nagbibigay ito ng karapatan sa mga bata para sa Medicaid dahil sa kanilang mataas na antas na pangangailangan.

SINO ANG MAAARING MANGAILANGAN NG PROGRAMANG ITO?

Ang mga pamilya na hindi karapat-dapat sa Medicaid at may isang anak o mga anak na wala pang 19 taong gulang, na nakakatugon sa antas ng pangangalaga para sa pananatili sa isang:

- Ospital;
- Pasilidad ng Pangangalaga (Nursing Facility-NF); o
- Intermediate Care Facility para sa mga indibidwal na may Kapansanan sa Pag-iisip (ICF/IID).



ANONG MGA SERBISYO ANG MAAARING MAKUKUHA SA PAMAMAGITAN NG PROGRAMA NI KATIE BECKETT?

Lahat ng mga serbisyo ng Medicaid na batay sa medikal na pangangailangan, kabilang ngunit hindi limitado sa:

- Pag-aalaga sa tahanan;
- Mga pananatili sa ospital;
- Mga gamot, medikal na suplay, at kagamitan; at
- Bayad sa doktor.

ANG AKING ANAK AY NAWALAN NG SSI PAGKATAPOS NA MAPALABAS SA OSPITAL AT KUMIKITA KAMI NG MADAMING PERA PARA MAGING KWALIPIKADO SA MEDICARE. ANG AKING ANAK AY NANGANGAILANGAN NG PAG-AALAGA SA BAHAY. MAKAKATULONG BA ANG PROGRAMA NI KATIE BECKETT?

Tanging ang kita at mga mapagkukunan ng bata ang ginagamit upang matukoy ang karapatang makatanggap ng Medicaid para sa mga bata na pinaglilingkuran ng programa ni Katie Beckett.



NAKAKAAPEKTO BA ANG PRIBADONG PALISIYA SA PASEGURO SA KWALIPIKASYON?

Hindi, ang iyong anak ay maaaring maging kwalipikado pa rin para sa programa kung ang iyong pamilya ay may pribadong paseguro sa kalusugan sa pamamagitan ng isang trabaho o ibang grupo. Magbabayad ang Medicaid pagkatapos na mabayaran ng iyong ibang paseguro sa kalusugan.

PAANO AKO MAG-AAPLAY PARA SA PROGRAMA NI KATIE BECKETT?

Makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng DHHS upang simulan ang proseso ng aplikasyon para sa Medicaid at siguraduhing sabihin na nais mong ipasuri ang iyong anak upang matukoy kung kwalipikado sila para sa Katie Beckett. Maaari kang magpadala ng email sa: dhhs.katiebeckett@nebraska.gov.

NEBRASKA

Good Life. Great Mission.

DEPT. OF HEALTH AND HUMAN SERVICES

Makakahanap ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa programang ito sa aming webpage sa: <https://dhhs.ne.gov/Pages/Medicaid-Home-and-Community-Based-Programs.aspx>.